5

# Modelong Banghay- Aralin sa Asignatura

Kuwarter

Linggo

2

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Asignatura 5**
**Kuwarter 1: Linggo 2**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 *Curriculum* sa *School Year 2023-2024*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (epiko).**<br>*b. Nailalarawan ang tauhan batay sa kilos, gawi, at pananalita.*<br>*d. Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto.*<br>**Naiuugnay ang mga pangyayari sa teksto sa sariling karanasan.**<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.**<br>• *batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (analohiya)*<br>*(Ikatlong at Ikaapat na araw)*<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa kahulugan.**<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*b. Kaantasan ng Pang-uri (pahambing)* |

| | |
|---|---|
| | *(Ikalimang araw)*<br>**Natutukoy ang mga elemento ng *multimedia*.**<br>• *graphics (drawings)* |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG NARATIBO:<br>Epiko<br><br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Kaantasan ng Pang-uri (pahambing)<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>*graphics (drawings)* |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Kabayanihan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Bartolome, A. O. (2019). Recognizing the Heroes of Today (larawan). Nakuha sa https://www.linkedin.com/pulse/recognizing-heroes-today-armando-o-bartolome-armando-bartolome<br>Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Hinilawod, Epiko ng Panay. (2024). https://www.tagaloglang.com/hinilawod/<br>Hinilawod. (2024). https://www.youtube.com/watch?v=n9JRuBemZ9c<br>Hinilawod. (2024). https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**EPIGRAM** Pag-alala sa Epikong Pilipino<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Mapa ng Epiko.** Bumuo ng apat na miyembro sa bawat pangkat at buoin ang akrostik na A, B, K, D. Magbigay ng isang salita o parirala na maaaring maiugnay sa Epiko.<br><br>Tingnan ang halimbawa<br>dbentura<br>ayani<br>**K**- ahusayan<br>**D**- i susuko<br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Pangkatin ang mga mag-aaral na may apat na miyembro bawat pangkat. Hayaan silang makabuo ng akrostik na nagsisismula sa letrang A, B, K, D na maiuugnay sa salitang Epiko. Pagkatapos, pumili ng isa o dalawang pangkat upang mailahad sa klase ang kanilang ginawa. |


| | | |
|---|---|---|
| | Sa pagpapatuloy ng mag-aaral sa pagkilala ng Epiko, papiliin ang mga mag-aaral sa mga bayaning kanilang iniidolo.<br>Gawing gabay ang mga tanong:<br>1. Ano ang kahulugan mo sa salitang bayani?<br>2. Sino ang iniidolo mong bayani? Bakit? | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **MAPA NG PAG-IISIP: PAGPAPAKILALA SA EPIKO**<br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Pag-isipan.** Paano kaya kung …<br>1. ikaw ay isang bayani? Ano ang katangian na gusto mong taglayin?<br>2. may nais kang makausap na bayani, ano ang sasabihin mo sa kaniya? Bakit?<br><br>*Mula sa:* https://www.linkedin.com/pulse/recognizing-heroes-today-armando-o-bartolome-armando-bartolome<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipasagot ang tanong sa PAG-ISIPAN: Paano kaya kung ikaw ay…<br><br>Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay talakayin muna ang kahulugan ng Analohiya. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang Analohiya ay tumutukoy ng ugnayan ng salita sa isa't isa.<br>Ipabasa ang halimbawa at ipaunawa sa mga mag-aaral.<br><br>Sagot.<br>1. matibay<br>2. walang asawa |

| | | |
|---|---|---|
| | **Hulagot:** Bago basahin ang kuwento ng epiko, ibigay ang hinihinging katumbas ng salita mula sa epikong binasa. Piliin ang sagot na nasa kahon. Isulat ang kahulugan nito sa patlang. Pag-aralan muna ang halimbawa.<br><br>**Paliwanag: Analohiya-** ito ay pagkukumpara o paghahambing ng dalawang bagay, lugar, ideya o katangian na magkaugnay at naglalayong magbigay ng paliwanag tungkol dito. Kadalasan, ang mga analohiya ay ginagamitan ng dalawang bagay na magkaiba pero magkapareho depende sa konteksto at sitwasyon na nais pagkumparahin.<br><br>Samakatuwid ang analohiya ay pagkukumpara ng pagkakapareho o pagkakaiba ng ideya, bagay, lugar o katangian.<br><br>*Halimbawa:* Hinilawod: Bisaya; Bidasari: <u>Mindanao</u><br><br>Pinagkumpara dito na ang Hinilawod ay epiko ng mga Bisaya at ang Bidasari naman ay epiko ng mga Mindanao. Ginagamit din ang bantas na tutuldok upang ipakita ang paghahambing.<br><br>1. **Analohiya:** makisig: guwapo; malakas: ______________<br>**Sagot:** ____________________________________________<br>2. **Analohiya:** marikit: maganda; dalaga:<br>**Sagot:** ____________________________________________<br>3. **Analohiya:** mortal: tao; diwata:<br>**Sagot:** ____________________________________________ | 3. diyosa |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**MAPA NG PAGTUKLAS: NAGLILIYAB NA KAALAMAN**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Hinilawod: Epiko ng Panay**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Alam mo ba?<br>✔ Ang Hinilawod ay epiko ng mga Bisaya sa Panay. Ito ay itinuturing na pinakamahabang epiko sa Pilipinas. | Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang mitolohiya.<br><br>Makabubuting tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa sa bawat talata. Pagkatapos |

| | | |
|---|---|---|
| | ✔ Naitala rin sa kasaysayan na ito ang pinakamatandang epiko sa Kanlurang Bisaya.<br><br>✔ Inaawit din ang epikong ito sa loob ng tatlong linggo na umaabot ng isa o dalawang oras sa bawat gabi.<br><br>✔ Labingwalong kuwento ang nakapaloob sa kuwentong ito at bawat kuwento ay sumasaklaw sa tatlong henerasyon.<br><br>*Hinalaw mula sa*: https://www.tagaloglang.com/hinilawod/<br><br>**Pagbasa ng Epiko**<br><br>**Hinilawod**<br>*Halaw mula sa: https://blogadagdps.wordpress.com/2015/07/08/mitolohiya-ng-pagadian-city/*<br><br><br>*Kinuha sa: https://en.wikipedia.org/wiki/Hinilawod*<br><br>**Pinagmulan ng Hinilawod**<br>Tinatawag na Hinilawod ang epikong-bayan ng mga Sulod na nakatira sa bulubunduking bahagi ng Panay. May dalawa itong pangunahing tauhan, sina Labaw Donggon at Humadapnon, at may mga sariling salaysay. Sa saliksik ni F. Landa Jocano, kaniyang naitala ang Labaw Donggon noong 1956 mula kay Ulang Udig, isang Sulod sa Iloilo.<br><br>**Buod ng Hinilawod** | magbasa ng mag-aaral na tinawag ay siya naman ang tatawag ng susunod na babasa. |

| | | |
|---|---|---|
| | Si Labaw Donggon ay isa sa tatlong malabathalang anak nina Abyang Alunsina na isang diwata, at ang kaniyang ama na si Datu Buyung Paubari, isang mortal o tao. May dalawa siyang kapatid. Ito ay sina Humadapnon at Dumalapdap. Nagpatawag sila ng pari upang isagawa ang ritwal na magdudulot ng mabuting kalusugan ng tatlo. Pagkatapos ng ritwal, ang tatlong sanggol ay biglang naging malalakas at makikisig na binata. Pagkapanganak kay Labaw Donggon ay naghanap agad siya ng mapapangasawa. Mahilig sa magagandang babae si Labaw Donggon. Una niyang napangasawa si Abyang Ginbitinan. Bago niya nakuha si Abyang Ginbitinan ay nakipaglaban muna siya sa isang halimaw. Nang mapatay niya ang halimaw ay ikinasal agad sila at naglakbay pabalik sa bayan ni Labaw Donggon. Ang ikalawa niyang napangasawa ay si Anggoy Doronoon. At ang ikatlo ay si Malitong Yawa Sinagmaling. Naging pinakamahirap ang pakikipagsapalaran ni Labaw Donggon upang makuha si Malitong Yawa Sinagmaling na asawa ni Saragnayan na tagapag-alaga ng araw. Dahil may agimat din si Saragnayan, natalo niya si Labaw Donggon sa labanan na tumagal ng maraming taon. Ibinilanggo ni Saragnayan si Labaw Donggon sa kulungan ng baboy sa silong ng bahay niya.<br><br>Ang dalawang asawa ni Labaw Donggon na sina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon ay nanganak ng dalawang lalaki. Ito ay sina Asu Mangga at Buyung Baranugan. Hinanap ng magkapatid ang ama nila na si Labaw Donggon. Nakaharap ng magkapatid si Saragnayan. Buong-tapang na nakipaglaban sila kay Saragnayan at namangha sila sa sobrang lakas nito. Hindi nila matatalo-talo ang lakas ni Saragnayan. Bumalik Buyung Baranugan sa kaniyang lola na si Abyang Alunsina upang humingi ng payo. Dito niya nalaman na ang kapangyarihan pala ni Saragnayan ay nakatago sa isang baboy ramo. Mapapatay lamang si Saragnayan kapag napatay ang baboy ramo na kinatataguan ng kaniyang hininga. Sa tulong ng taglay na anting-anting ng magkapatid ay natagpuan nila at napatay nila ang baboy ramo. Nanghina si Saragnayan nang mapatay ang baboy ramo kaya madali siyang napatay ng palaso ni Buyung Baranugan.<br><br>Pinawalan ng magkapatid si Labaw Donggon at pinaliguan. Ngunit nagtago ito sa loob ng isang lambat. Ang dalawa niyang kapatid na sina Humadapnon at Dumalapdap naman ang humanap kay Labaw Donggon at nakita nilá ito sa loob ng lambat ngunit nawala na ang kakisigan at | Maghanda ng mesa para ilagay ang mga larawan ng tauhan at pangyayari sa epikong Hinilawod. Gupitin ang mga larawan na maaaring kunin sa *Google* at idikit sa karton. Isulat ang mga tanong sa bawat likod ng larawan. |

| | | |
|---|---|---|
| | kagitingan ni Labaw Donggon dahil sa tagal ng panahon. Halos bingi na rin si Labaw Donggon at lubhang naging matatakutin. Gayunman, pinagtulungan siyáng gamutin nina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon. Gumaling si Labaw Donggon at naghangad pa rin siya na makahanap ng magandang asawa. Nagalit ang dalawa niyang asawa ngunit nangako sila Labaw Donggon na pantay-pantay siláng ituturing na asawa kasama ni Malitung Yawa Sinagmaling. Hindi nagtagal at muling nagbalik sa dati ang lahat. Naging masaya uli ang pamilya ni Labaw Donggon.<br><br>**MAPA NG SULIRANIN: PAGTUGON SA PAGSASANAY**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>A. Magbigay ng isa o dalawang salita upang ilarawan ang tauhan batay sa kanilang kilos o pagsasalita.<br>1. Labaw Donggon<br>**Paglalarawan:** ____________________________________________<br>2. Humadapnon<br>**Paglalarawan:** ____________________________________________<br>3. Dumalapdap<br>**Paglalarawan:** ____________________________________________<br>4. Malitong Yawa Sinagmaling<br>**Paglalarawan:** ____________________________________________<br>5. Sargnayan<br>**Paglalarawan:** ____________________________________________<br><br>B. **Mapa ng Paglalakbay:** Patayuin ang mga mag-aaral. Paglakbayin sa klasrum. Habang naglalakbay ay magpatugtog. Kung sino ang matigilan ng awit ay papiliin ng larawan ng mga tauhan at mga pangyayaring isinalaysay sa epikong Hinilawod na nakapatong sa mesa. Kapag nakapili na sila ay paupuin at tawagin ang mga mag-aaral na nakakuha ng larawan. Ipasagot ang mga tanong na nasa likod ng larawan.<br>Narito ang mga tanong:<br><br>1. Ano ang kakaibang katangian ni Labaw Donggon? | Gumupit ng mga larawan ng bayani o maaaring i-*print* ito sa *copy paper*. Maghanda ng sampayan at ipit para isampay ang mga larawan ng bayani.<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang usapin hinggil sa tatlong asawa ni Labaw Donggon na ito ay nakadepende sa mga paniniwala at kultura at ito ay isang kuwento lamang.<br><br>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagguhit sa bawat kahon ng nais nilang gawing epiko. Tiyakin na makapag-aambag ang bawat mag-aaral. Pumili ng |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Bakit nahirapan si Labaw Donggon na mapangasawa si Malitong Yawa Sinagmaling?<br>3. Paano natalo ni Saragnayan si Labaw Donggon?<br>4. Paano nailigtas ng mga anak ni Labaw Donggon na sina Asu Mangga at Buyung Baranugan ang kanilang ama?<br>5. Paano natalo ni Buyung Baranugan si Saragnayan?<br>6. Kung ikaw ang isa sa mga kapatid ni Labaw Donggon, ano ang mararamdaman mo sa Nakita mong kalagayan niya?<br>7. Ano ang masasabi mo sa mga katangian ng tatlong asawa ni Labaw Donggon?<br>8. Papayag ka rin bang alagaan si Labaw Donggon ng mga asawa niya? Bakit?<br>9. Kung ikaw ang maglalagay ng wakas ng epiko, pareho pa rin ba ang gagawin mong wakas o iibahain mo? Ipaliwanag.<br>10. Ano ang aral na napulot mo sa epiko?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>C. **SAMPAYAN NG KAALAMAN**. Gumupit ng larawan ng mga bayani ang guro. Isabit ito sa silid-aralan na parang sampayan. Papiliin ang mga mag-aaral kung sino ang nais nilang bayani. Narito ang mga gabay na tanong na sasagutin ng mga mag-aaral.<br> | pinakamahusay na epiko at ipalahad ito sa klase. |



Kinuha sa: https://ph.pikbest.com/backgrounds/hanging-pictures-on-a-wooden-clothesline_9436926.html

| Gabay na Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Sino ang pinili mong bayani? | |
| 2. Bakit siya ang pinili mong bayani? | |
| 3. Ano-anong katangian ng bayani ang nais mo? | |

**MAPA NG KASUKDULAN: BUGSO NG NATUTUHAN**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

A. **ILARAWAN MO.** Ilarawan ang tauhan na nakasaad batay sa mga pahayag nila. Isulat ang sagot sa patlang.

| TAUHAN | KILOS/PANGYAYARI | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|
| 1. Labaw Donggon | Pagkapanganak sa kaniya ay naghanap agad siya ng mapapangasawa. | |
| 2. Saragnayan | Ibinilanggo niya si Labaw Donggon sa kulungan ng baboy sa silong ng bahay niya. | |
| 3. Buyung Baranugan | Natuklasan niya ang lihim ng kapangyarihan ni Saragnayan kayâ napatay niya ito | |
| 4. Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon | Pinawalan ng magkapatid si Labaw Donggon at pinaliguan. | |

B. **MAPA NG PAGLIKHA**. Bumuo ng sampung miyembro sa bawat pangkat. Sa bawat kahon, gumawa ng sariling kuwento ng epiko. Isaalang-alang ang kakaibang katangian ng bida sa kuwento. Gumuhit sa bawat kahon at sulatan ito ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento. Kulayan ito. Pagkatapos ay ilahad sa klase.

Dugtungan Tayo: Tatawag ang guro ng pitong pares ng mga mag-aaral upang isalaysay nang sunod-sunod ang nangyari sa mitolohiya. Simulan ito sa unang magkapareha para sa simula ng kuwento hanggang sa makaabot sa wakas ng kuwento.

*Slogan Pa More*: Ipaliwanang muna ng guro kung ano ang kahulugan ng *Slogan.*

| | | |
|---|---|---|
| | | |

## RUBRIK SA PAGMAMARKA

| KRAYTERYA | 5 | 4 | 3 | 2 | PUNTOS |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagkamalikhain** | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda | Naging malikhain sa paghahanda | Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda | Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda | |
| **Organisasyon** | Napakali-naw na nailahad ang mga kaisipan sa iginuhit na mga larawan | Malinaw na nailahad ang mga kaisipan sa iginuhit na mga larawan | Hindi gaanong malinaw na nailahad ang mga kaisipan sa iginuhit na mga larawan | Malabo ang pagkakalahad ng mga kaisipan sa iginuhit na mga larawan | |

| Kaangkupan | Angkop na angkop ang mga larawang iginuhit sa kuwento ng epiko | Angkop ang mga larawang iginuhit sa kuwento ng epiko | Hindi gaanong angkop ang mga larawang iginuhit sa kuwento ng epiko | Hindi angkop ang mga larawang iginuhit sa kuwento ng epiko | |
|---|---|---|---|---|---|

**IKAAPAT NA ARAW**
**Kaugnay na Paksa 2: Pang-uring Pamilang: Pahambing**

**Ipabasa ang mga pangugusap mula sa epikong Hinilawod:**
1. Sina Humadapnon at Dumalapdap ay *makikisig* na magkakapatid.
2. *Mas makisig* si Dumalapdap kasya. Humadapnon.
3. *Pinakamakisig* si labaw Donggon sa tatlong magkakapatid.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**
   1. Ano ang napansin sa mga nakahilig na salita?
      **Sagot:** ____________________________________________
   2. Ano ang tawag sa mga paglalarawang ito?
      **Sagot:** ____________________________________________
   3. Ano ang kaibahan ng unang salitang nakahilig sa ikalawa at huling pangungusap?
      **Sagot:** ____________________________________________
   4. Anong uri ng paghahambing ang napansin mo?
      **Sagot:** ____________________________________________
   5. Paano nagkakaiba ang mga ito?
      **Sagot:** ____________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Tinatawag na **Pang-uri** ang mga salitang naglalarawan. Maaaring ang inilalarawan nito ay katangian ng pangngalan o panghalip. May tatlong antas ang pang-uring pahambing:

1. **Lantay** - naglalarawan ito ng isa o payak na pangngalan o panghalip na walang pinaghahambing.

*Halimbawa:* Mabuting asawa si Anggoy Doronoon.

2. **Pahambing -** ginagamit ito sa pagtutulad ng dalawang pangngalan o panghalip. May dalawang uri ito:

**2.1 Pahambing na Magkatulad** - ginagamit ito sa pagtutulad ng dalawang pangngalan o panghalip na may magkapantay na katangian ng dalawang bagay na pinaghahambing.

*Halimbawa:* Magkasinlaki sina Humadapnon at Dumalapdap.
Kasinlakas ni Labaw Donggon ang bundok.

**2.2 Pahambing na Di-Magkatulad –** pinaghahambing nito ang di-magkapantay o di-patas na paghahambing. Maaari itong maghambing ng pagkakait, pagtanggi o pagsalungat ng dalawang bagay na pinaghahambing.

*Halimbawa:*
*Di masayadong makisig* si Humadapnon kumpar kay Dumalapdap.
*Mas malakas* ang kapangyarihan ni Saragnayan kaysa kay Labaw Donggon kaya natalo niya ito.

3. **Pasukdol –** ito ang uri ng paghahambing na namumukod o nagngingibabaw sa lahat ng pinaghahambing. Maaari itong negatibo o positibo. Masidhi ang paglalarawan dito kaya maaaring gumagamit ng mga salitang *sobra, ubod, pinaka, tunay, talaga, saksakan,* at kung minsa'y *pag-uulit* ng pang-uri.
   *Halimbawa:*
   Ang *bait-bait* na asawa ni Abyang Ginbitinan
   *Lubos ang kapangyarihan* ni Saragnayan.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay:** Humanap ng kapareha at sagutin ang sumusunod na tanong.

   1. Ano ang pagkaunawa mo pang-uring pahambing?
   **Sagot:** ________________________________________________
   ________________________________________________

   2. Ano ang iba't ibang antas ng pang-uring pahambing?
   **Sagot:** ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________

3. Ano ang dalawang uri ng pahambing?
**Sagot:** ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

4. Magbigay ng tig-iisang halimbawa ng pang-uring pahambing?
**Sagot:** ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

**3. Pinatnubayang Pagsasanay**

A. Guhitan ang mga **pang-uring pahambing** sa bawat pangungusap at tukuyin ang uri nito.
1. Napakakisig ni Labaw Donggon.
2. Lubhang natakot ang halimaw kay Labaw Donggon.
3. Magandang dalaga si Anggoy Doronoon.
4. Pinakamatalino si Buyung Baranugan kaya natuklasan niya ang lihim ni Saragnayan.
5. Mahina na si Labaw Donggon nang makita ng magkapatid.

**4. Paglalapat at Pag-uugnay.**

A. Sumulat ng limang pangungusap na may pang-uring pahambing gamit ang mga pang-uring nakasaad bilang gabay.

1. **malakas**

*Lantay:* ____________________________________________________

2. **mas makapangyarihan**


*Pahambing na di-magkatulad:* ______________________________________

3. **pinakamakisig**

| | | |
|---|---|---|
| | *Pasukdol:* _______________________________________________<br>4. **magkasingganda**<br>*Pahambing na magkatulad:* _________________________________<br>5**. mahina**<br>*Lantay* ___________________________________________ | |
| **4. Paglalahat** | **MAPA NG WAKAS: PAGSIBOL NG TUGON**<br>• **Pabaong Pagkatuto**<br>**A.** Ipapanood ang isang bahagi ng Hinilawod upang mabasa ang ilang bahagi nito dahil napakahaba ng epiko: https://www.youtube.com/watch?v=n9JRuBemZ9c<br>Isulat ang buod nito na may lima hanggang pitong pangungusap lamang.<br>**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang pang-uring pahambing sa kuwaderno. Guhitan ang mga pang-uring pahambing. Isulat ito sa kuwaderno.<br>• **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Kabayanihan:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br>1. Sa iyong palagay, kung hindi natalo ni Saragnayan si Labaw Donggon, ano kaya ang mangyayari? Ipaliwanag.<br>2. Natuklasan ni Buyung Baranugan ang lihim ng kapangyarihan ni Saragnayan kayâ napatay niya ito. Kung ikaw si Buyung Baranugan, ganoon din ba ang gagawin mo kay Saragnayan? Bakit?<br>2. Kung ikaw ang anak ni Labaw Donggon, hahanapin mo rin ba siya? Bakit?<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasan na nagpapakita ng kabayanihan. Humandang ibahagi ito sa klase. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit.**<br>**A.** Ilarawan ang mga tauhan sa epikong Hinilawod. Magsulat ng **dalawang pang-uri** upang mailarawan sila.<br>**1.** Labaw Donggon<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br>2. Saragnayan<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br>**3.** Malitong Yawa Sinagmaling<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br>4. Buyung Baranugan<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br>5. Humadapnon at Dumalapdap<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br><br>**B.** Sumulat ng pangungusap gamit ang mga pang-uring pahambing.<br>1. pinakamaganda<br>**Pangungusap:** __________________________________________<br>2. mas matalino<br>**Pangungusap:** __________________________________________<br>3. di-magkasinlakas<br>**Pangungusap:** __________________________________________<br>4. mahina<br>**Pangungusap:** __________________________________________<br>5. di – hamak na mabuti<br>**Pangungusap:** __________________________________________<br>B. Ilarawan ang mga *graphic* na nakasaad sa kaliwang kahon. Isulat ang paglalarawan sa kanang bahagi ng kahon.<br><br>**GRAPHICS** \| **PAGLALARAWAN** | |

| | |
|---|---|
| <br><br>Kinuha sa:<br>[https://www.deviantart.com/brianfajardo/art/Labaw-Donggon-character-design-661684028](https://www.deviantart.com/brianfajardo/art/Labaw-Donggon-character-design-661684028) | Labaw Donggon<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>___ |
| <br><br>Kinuha sa:<br>[https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM](https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM) | Labaw Donggon, Humadapnon, at Dumalapdap<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>___<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>___ |

| | |
|---|---|
|  Kinuha sa: [https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM](https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM) | Pagkulong ni Saragnayan kay Labaw Donggon |
|   Kinuha sa: [https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM](https://www.youtube.com/watch?v=q3gFBN57rYM) | Paghahanap ng magkapatid na sina Asu Mangga at Buyung Baranugan |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Sa isang buong *bond paper*, iguhit ang pinakapaboritong tauhan mula sa epiko. Sa ibaba ng larawan, magsulat ng dalawa hanggang tatlong pangungusap kung bakit nais niya itong gayahin o tularan. Pumili ng may pikamagandang iginuhit at ipalahad ito sa klase.
2. Pag-aralan ang tungkol sa **Kuwentong Kababalaghan** para sa susunod na paksa.

| **C. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **D. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |